
4

# Filipino

## Ikatlong Markahan–Modyul 3: Opinyon, Katotohanan, at Katuwiran



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q3_Filipino 4_Modyul 3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Baitang 4**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikatlong Markahan – Modyul 3: Opinyon, Katotohanan, at Katuwiran**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang ano mang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang ano mang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa ano mang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Rodrigo G. Embestro |
| **Editors:** | Ma. Theresa I. Cortez |
| **Tagasuri:** | Rechie O. Salcedo |
| **Tagaguhit:** | |
| **Tagalapat:** | Ma. Dianne Joy R. dela Fuente |
| **Tagapamahala:** | Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao |
| | Grace U. Rabelas, Ma. Leilani R. Lorico |
| | Nora J. Laguda, Jerson V. Toralde |
| | Belen B. Pili, Rechie O. Salcedo |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ______________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Mobile Phone: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

4

# Filipino

## Ikatlong Markahan – Modyul 3:
## Opinyon, Katotohanan, at Katuwiran

DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Isang mapagpala at magandang araw sa iyo.

Kumusta?

Mahilig ba kayong makipagkuwentuhan?

Minsan, sa pakikipag-usap at pakikipagkuwentuhan ay may mga hindi tayo napagkakasunduan, kung kaya't nagkakaroon tayo ng debate, argumento at pagpapahayag ng ating saloobin at kuro-kuro tungkol sa isang isyu o paksa. Samantala, kailangan mong matukoy kung may katotohanan ba ang kanilang sinasabi o sariling pananaw/opinyon lamang.

Sa tulong ng modyul na ito, inaasahan na:

1. Masasagot mo ang mga tanong sa nabasa o napakinggang editoryal, argumento, debate, pahayagan, at ipinapahayag ng isang editorial cartoon.
2. Maisasalaysay mo ang mahahalagang detalye sa napakinggang editoryal.
3. Masusuri mo kung opinyon o katotohanan ang isang pahayag; at
4. Makasusulat ka ng argumento at editoryal.



Huwag kang mag-alala, sasamahan kitang maglakbay at tapusin ang mga aralin sa modyul na ito.

## *Subukin*

Ano ang alam mo na tungkol sa editoryal, argumento, debate, pahayagan, at ipinapahayag sa isang *editorial cartoon*? Kaya mo na bang suriin ang isang pahayag kung ito ay opinyon o katotohanan?

Subukin muna natin kung hanggang saan na ang alam mo.

**A. Panuto:** Suriin ang bawat pahayag sa ibaba. Isulat sa iyong papel kong ito ay **opinyon** o **katotohanan.**

___________1. "Sa palagay ko, kailangang isumbong sa mga kinauukulan ang anumang makitang pang-aabuso sa kagubatan para wala nang sumunod sa kapahamakan."

___________2. "Panahon na para gumising ang mga tao. Sawayin ang mga taong sumisira sa ating kapaligiran", pakiusap ng Alkalde sa kaniyang mga kababayan.

**B. Panuto:** Ipabasa ang editoryal sa kasamahan sa bahay at pakinggan ito nang mabuti o maaari mo ring itong basahin nang tahamik. Pagkatapos, sagutin ang mga tanong sa ibaba at isulat lamang ang letra nang tamang sagot sa sagutang papel.

**Magsiyasat muna Bago I-click**

Umiikot ang buhay ng mga kabataan ngayon sa mundo ng *digital era*. Marami na ang aktibo sa paggamit ng *social media* tulad ng *facebook*, *twitter,* at *instagram*. Hindi pahuhuli sa anumang uso di ba? Hindi kumpleto ang araw kapag hindi makapag-internet. Nalulungkot kapag walang *wifi.*

Hindi naman ako tutol sa mabilis na pagbabago ng ating teknolohiya. Malaki ang maitutulong nito sa pang-ekonomiyang usapan ng ating bansa. Ngunit sa kabilang banda, nagiging negatibo ito, dahil sa maling paggamit nito. *Post* nang *post* na

hindi pinag-iisipan kaya nagdudulot ng gulo at kapahamakan sa buhay. Sana siyasatin muna nang mabuti ang anumang nababasa sa *social media* bago mag-post ng komento ukol sa isyu upang maiwasan natin ang makapanakit ng damdamin ng iba. Baka kasi sa isang *click* mo lang buhay mo'y mabago. Tandaan ang pagsisi ay laging nasa huli. Huwag nang hintaying ikaw ay magsisi. Gawin ang tama, igalang, at pahalagahan ang buhay ng bawat isa.

3. Bakit kailangang magsiyasat muna bago mag-*post* ng komento ukol sa isang isyu?

   A. Upang maiwasan ang makapanakit ng damdamin ng iba
   B. Upang maging aktibo sa social media
   C. Upang maraming *likes*
   D. Upang maging sikat

*4.* Ano ang nais iparating ng *editor* tungkol sa paggamit ng *social media?*

   A. Laging maging aktibo sa paggamit ng social media.
   B. Masaya ang maraming account sa social media.
   C. Gamitin nang tama ang social media sa pagbibigay ng opinyon o komento.
   D. Wala sa nabanggit

5. Ano ang ibig sabihin ng manunulat na ang "*pagsisi ay laging nasa huli. Huwag nang hintaying ikaw ay magsisi, gawin ang tama, igalang at pahalagahan ang buhay ng bawat isa*"?

   A. Kailangang isaalang-alang o pag-isipan nang mabuti ang anumang aksiyon na gagawin para hindi magsisi sa huli.
   B. Kailangang gumamit ng iba't ibang uri ng pakikipagtalastasan sa paggamit ng *social media.*
   C. Naaayos ang gulo sa paggamit ng *social media.*
   D. Kailangang mag-post nang mag-post sa *social media.*

**C. Panuto:** Isalaysay ang mahahalagang detalye sa napakinggan o binasang editoryal na nasa itaas. Sumulat ng sariling argumento o editoryal ukol dito. Gawin ito sa iyong papel. (6-10)

__________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

_______________________________________.

Gamitin mo ang rubrics sa ibaba para sa kabuoang ayos ng iyong ginawa. Ipamarka ito sa iyong magulang o kapatid.

**Rubrik sa Pagsulat ng Agumento o Editoryal**

**Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang marka ng iyong gawain.**

| Marka | Pamantayan |
|---|---|
| 5 Napakahusay | Napakalinaw na ginamit ang sariling paliwanag o reaksiyon na makikita sa isinulat. |
| 4 Mahusay | Makikita sa isinulat ang sariling paliwanag o reaksiyon. |
| 3 Katamtaman | Bahagyang makikita sa isinulat ang sariling paliwanag o reaksiyon. |
| 2 Di-Gaanong Mahusay | Hindi gaanong malinaw ang isinulat na sariling paliwanag o reaksiyon. |
| 1 Magsanay pa | Hindi malinaw ang isinulat na sariling paliwanag o reaksiyon tungkol sa isyung pinag-uusapan. |

Binabati kita. Natapos mo ang unang pagsubok.
Alamin natin sa pahina 23 ang wastong sagot sa mga tanong.
Saang antas ka nabibilang?
8-10 tamang sagot – NAPAKAHUSAY
5-7 tamang Sagot – MAGALING
1-4 tamang sagot – PAGBUBUTIHAN PA
0 tamang sagot – KAYA MO 'YAN



# Aralin 1 Opinyon, Katotohanan, at Katuwiran

## *Balikan*

Naalala mo pa ba kung paano ginamit ang pang-uri at pang-abay?

Kailan nagiging pang-uri ang isang salita?

Kailan nagiging pang-abay ang isang salita?

Ang **pang-uri** ay salitang naglalarawan ng pangngalan at panghalip.

Ang **pang-abay** ay salitang naglalarawan ng pang-uri, pandiwa, at kapuwa pang-abay.

Sige nga, tingnan natin. Basahin at sagutin mo.

| **Pangungusap** | **Salitang Naglalarawan** | **Salitang Inilalarawan** | **Pang-uri/ Pang-abay** |
|---|---|---|---|
| 1. Magaling magsulat ng editoryal at argumento si Lito. | | | |
| 2. Sa malinis na papel niya isinulat ang kaniyang tula. | | | |
| 3. Magandang gumuhit ng editorial cartoon si Jemerson. | | | |

Ayan, malinaw mo nang naaalala kung paano ginagamit ang pang-uri at pang-abay.

Halika, sagutin naman natin ang mga tanong sa babasahing editoryal.

## *Tuklasin*

Ipabasa mo ang teksto sa iyong kasama sa bahay. Makinig ka nang mabuti at pakatapos sagutin mo ang mga tanong sa ibaba.

### Hinagpis ni Inang Kalikasan

Ang *climate change* ay pagbabago ng klima o panahon dahil sa pagtaas ng *greenhouse gases* na nagpapainit sa mundo. Isa ito sa mga dahilan ng dinaranas na mga kalamidad sa buong mundo. Ang epekto nito ay nararamdaman din natin sa bansa.

Dahil sa pagbabago tungo sa kaunlaran at industriyalisasyon, nagbabago rin ang ating kapaligiran. Tuluyan nang nasisira ang ating Inang Kalikasan dulot ng maling gawain ng mga tao tulad ng pagpatag sa kabundukan, pagputol ng mga punongkahoy, at maging ng polusyon na dulot ng mga pabrika at ibang teknolohiya. Kaya't unti-unti nang nawawala ang ganda at masaganang yaman na maipapamana pa sana natin sa mga susunod na henerasyon.

May matinding init o kaya naman ay labis na pagbuhos ng ulan na walang pinipiling oras o panahon. May malalakas ding buhawi, ipuipo, at bagyo, na kumitil sa buhay ng mga tao at hayop maging pagkasira ng mga pananim, pagguho ng lupa, at pagbaha. Tila ipinapadama na ni Inang Kalikasan ang hinaing at hinagpis na kaniyang nararamdaman sa mga tao. Baka dumating ang araw na tuluyan nang talikuran ni Inang Kalikasan ang tungkulin nitong panatilihin ang buhay sa mundo.

Kung ipagpapatuloy natin ang nakagawiang pagpapabaya at pagsasalaula sa lupa, tubig, at hangin, darating ang panahon na

wala na tayong mapagkukuhanan ng ating mga pangangailangan. Makakalbo na rin ang kagubatan at mawawalan ng tahanan ang maraming mga hayop.

Gising na, kaibigan! Tayo'y magkaisa at magbago upang suliranin sa *climate change* at tuluyang pagkasira ng mundo ay maagapan. Kung ang klima ay nagbabago, tayo rin ay may kakayahang magbago. Bigyan natin ng pagkakataon ang kalikasan na maghilom at bumalik sa dati. Igalang natin ang bawat bagay at bigyan ito ng tamang pagkalinga at pagpapahalaga. Huwag nang magdalawang isip sa panawagan. Tayo'y kumilos na para hindi mahuli ang lahat sa hinahangad na pagbabago. Dinggin ang hinagpis ni Inang Kalikasan para sa ating kaligtasan.

**Sagutin mo:**

1. Ano ang dahilan ng pagbabago-bago ng panahon?
2. Sino ang dapat sisihin sa mga pangyayaring ito sa ating mundo? Bakit?
3. Paano ito maiiwasan at malulunasan?
4. Bakit kaya nanganganib ang buhay ng mga tao at ano ang dapat nitong gawin?
5. Bakit kailangang dinggin ang hinagpis ni Inang Kalikasan?



Ang galing nasagot mo nang maayos ang mga tanong tungkol sa napakinggang editoryal.

Ang susunod nating gawain ay makatutulong na mas mapalalim ang iyong kaalaman tungkol sa kung paano sagutin ang mga tanong sa napakinggang editoryal.

## ***Suriin***

Paano mo sinagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang editoryal sa tuklasin? Iyan ang ating sasagutin sa ating aralin.

Basahin at unawaing mabuti ang paliwanag tungkol dito.

- Sa pagsagot sa mga tanong tungkol sa binasang editoryal, argumento, *debate*, pahayagan, at ipinapahayag sa isang *editorial cartoon*, kailangan mong magsimula sa mga *literal* na katanungan kung saan ang lahat na kasagutan ay makukuha lamang sa tekstong binasa mo.

- Kasunod nito ang pagsagot sa mga tanong na nangangailangan ng pagsusuri at paghihinuha. Ang mga sagot dito ay hindi matatagpuan sa teksto. Sa mga tanong na ito, kailangan mong ipaliwanag nang maayos ang iyong sagot o hinuha bilang tanda ng iyong lubusang pagkaunawa sa binasa mo.

- Kapag nasagot mo nang maayos ang katanungan maisasalaysay mo ang mahahalagang detalye sa napakinggang editoryal.



Tara, palawakin naman natin ang iyong kaalaman tungkol sa pagsusuri kung ang pahayag ay opinyon o katotohanan.

**Panuto**: Hulaan kung ano ang tinutukoy ng nagsasalita sa usapan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

**Hulaan Mo! Ano Ito?**




A. Editoryal B. Argumento C. Debate
D. Pahayagan E. *Editorial Cartoon*

Nakikilala mo ba ang editoryal, argumento, debate, pahayagan, at ipinapahayag sa isang *editorial cartoon*? Kung gayon, mas mapapalawak pa ang iyong kaalaman sa susunod na gawain.

## Lagi mong tatandaan...



Ang **editoryal o pangulong-tudling** ay isang mapanuring pagpapakahulugan ng kahalagahan ng isang napapanahong pangyayari upang magbigay-kaalaman, makapagpaniwala, o makalibang sa mga mambabasa.

Ito ay tinatawag ding **tinig ng pahayagan.**

Ang **debate** ay isang masining na pagtatalo sa paraang pagpapalitan ng kuro-kuro ng dalawang koponan na magkasalungat ang panig hinggil sa isang isyu o paksa.

Ang **argumento o pakikipagtalo** ay paraan ng paggigiit ng katotohanan at panghihikayat na mapaniwala ang iyong tagapakinig o mambabasa na kumilos batay sa inyong panig. Ito ay nakatuon sa layuning manghikayat sa pamamagitan ng pangangatuwiran batay sa katotohanan o lohika.



| | |
|---|---|
| Ang **pahayagan** ay isang uri ng paglilimbag. Ito ay naglalaman ng mga balita o tala tungkol sa mga pangyayari sa lipunan. Nagbibigay rin ito ng impormasyon tulad ng mga patalastas. | Ang ***Editorial Cartoon*** ay isang anyo ng *political cartoon* na nakabatay sa isang isyu, isang opinyon o isang pangyayaring napapanahon. Ito ay karaniwang gumagamit ng paraang *caricature* kung saan inilalagay na nakakatawa ang isang pangyayari/ sitwasyon. |

Ang **opinyon** o kuro-kuro ay maaaring totoo o hindi, sapagkat ito'y nagpapahayag ng saloobin o paniniwala ng isang tao batay sa mga totoong pangyayari. Ito ay ginagamitan ng mga parirala tulad ng:

- sa aking palagay
- sa tingin ko
- sa nakikita ko
- sa pakiwari ko
- kung ako ang tatanungin
- para sa akin

**Halimbawa:**

1. **Sa aking palagay**, marami sa ating kababayan ang naghihirap ngayon dahil sa pandemya.

2. Dahil sa dumarami ang bilang ng mga taong nagkakasakit ng *COVID 19*, **sa tingin ko** matatagalan pa para bumalik sa *normal* ang ating pamumuhay.

3. **Sa nakikita ko**, gumagawa na nang paraan ang ating gobyerno para masolusyonan ang ating problemang pangkalusugan.
4. **Pakiwari ko**, mayroon na ding bakunang maibibigay sa atin.
5. **Kung ako ang tatanungin**, parang ayaw kong magpabakuna kasi nakakatakot.
6. **Para sa akin**, mainam na magpabakuna upang ligtas tayo sa sakit na COVID 19.

Samantala, ang **katotohanan** ay nagpapahayag ng mga bagay o pangyayaring may sapat na batayan o patunay. Ito ay pangyayaring tunay na naganap. Ito ay ginagamitan ng mga salita o parirala tulad ng:

- batay sa
- mula kay/sa
- ayon sa/kay

**Halimbawa:**

1. **Ayon kay** DepEd Secretary Leonor Magtolis Briones, patuloy ang pag-aaral ng mga bata gamit ang iba't ibang *modalities* sa pagkatuto.
2. **Mula sa** ulat ng Kagawaran ng Edukasyon, naghahanda na ang bawat pampublikong paaralan para sa pagbubukas ng klase ngayong taon.
3. **Batay sa** tala ng Kagawaran ng Edukasyon, unti-unti nang nababawasan ang mga *out of school youth.*

**Argumento** ang tawag sa paraan ng pagpapahayag ng hindi pagsang – ayon sa isang kaisipan o ideya. Maaaring magbigay ng argumento sa mahinahon at magalang na pamamaraan sa pamamagitan ng paggamit ng magagalang na pananalita sa pagpapahayag ng hindi pagsang – ayon.

**Halimbawa:**

-Hindi Dapat Dalhin ang *Cellphone* sa Paaralan-

Para sa akin hindi dapat ipagbawal dalhin ang *cellphone* sa paaralan sapagkat malaking tulong ito sa mga mag-aaral. Una, maaaring gamitin sa oras ng *emergency* upang mabawasan ang pag-aalala na mararamdaman ng mga magulang. Ikalawa, madali

ang komunikasyon ng bawat isa lalo na kapag malakas ang ulan, hindi agad nasundo o may mahalagang programa sa paaralan na kailangan ang magulang. Ikatlo, tamang disiplina lamang ang kailangan sa paggamit ng cellphone sa paaralan. Bawal itong gamitin sa oras ng klase at kung maaari huwag itong ilabas kung hindi kinakailangan upang maiwasan ang gulo o pagkawala nito.

**Editoryal** naman ang tawag sa malikhaing pagsulat ng iyong opinyon o kaisipan tungkol sa isang paksa o pangyayari upang magbigay-kaalaman, makapagpaniwala, o makalibang sa mga mambabasa.



Alam kong lubos mo nang nauunawaan ang ating talakayan. Kaya't madali na sa iyo na malaman kung ang pahayag ay opinyon o katotohanan. Alamin naman natin kung paano sumulat ng isang editoryal.

- **Sa pagsulat ng editoryal kinakailangang tandaan ang mga sumusunod**:
  1. Pumili ng napapanahon at kawili-wiling paksa at ilahad nang malinaw.
  2. Ibigay ang ang iyong katuwiran at pagpapasiya na may batayang tala o datos.
  3. Isipin kung paano ilalahad ang paksa na hindi nangangaral o nagsesermon.
  4. Gawing maikli at hindi maligoy ang paglalahad at tiyaking iisang paksa lamang ang tinatalakay.

Ikaw naman, subukin mong sumulat ng sariling editoryal tungkol sa napakinggang isyu na nasa Tuklasin. Pagkatapos, ibahagi mo ito sa iyong kasamahan sa bahay upang makahingi ng iba pang reaksiyon o opinyon tungkol sa isyu.

---

Binabati kita at naunawaan mo ang tinalakay!

Halina't magpatuloy tayo sa ating gawain sa pagsagot sa mga pagsasanay upang lalong mapalawak ang iyong kaalaman tungkol sa ating aralin.

## *Pagyamanin*

Ipagpatuloy ang pagsasanay.

***Pagsasanay A***

**Panuto:** Basahin ang isang *debate* at sagutin ang mga tanong sa ibaba.

### Karapat-dapat ba ang Pagpapatupad ng "No Assignment Policy"?

Ni: Jon-Jon A. Oyales

**Di- sang-ayon:**

Sa ganang akin, ang pagpapatupad ng polisiya bagaman nakabatay sa kalusugan at kapakanan ng mga bata, at sumasang-ayon sa probisyong pangkarapatang-pantao, ay akin itong tinututulan, dahil alinsunod din sa batas at karapatang -pantao.

Karapatan ng mga bata ang magtamo ng edukasyon at matuto sa paaralan. Kung tutuusin ay hindi sasapat ang walong oras bawat araw, limang araw sa isang linggo upang magampanan ng mga guro ang sinumpaang tungkulin upang turuan ang mga bata, kaya pinagtitibay ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga takdang-aralin. Hindi ito kabawasan sa *family bonding time*, sapagkat ang pagtulong ng pamilya sa pagsasagawa ng takdang-aralin ng kanilang anak ay isang paraan nang pagpapalalim ng kanilang relasyon sa isa't isa. Hindi lamang sa panonood ng sine, pagkain sa labas o paglilibang sa parke ng mga bata ang kailangan kundi kalinga rin ng magulang sa paggabay sa mga gawaing pampaaralan. Hindi kalabisan sa mga bata ang mga ito at hindi ito pahirap, abuso, pagmamalabis, diskriminasyon o alin man sa mga sinambit sa "Child Protection Policy".

**Sang-ayon:**

Maaaring hindi nakasulat ang salitang nakaaapekto sa karapatan ng mga bata sa Child Protention Policy, ngunit kung babasahin mo nang buo ang batas ay may pahayag na ganito. "*and other forms of abuse entitled*". Ito ang kinabibilangan ng polisiya na pipigil sa mga kawangis, katulad o kasimbigat na epekto ng mga takdang-aralin sa mga bata. Hindi naman siguro ito kalabisan o kabawasan sa pagkatuto ng mga bata sa larangan ng edukasyon. Ang kalusugan ng isang bata ay may kalakip na emosyonal at sosyal na pangangailangan na siyang binibigyan ng diin ng polisiya upang maging malusog ang bawat pamilya. May unawaan at sapat na oras upang sila ay magkasama-sama. Ito'y dumaan sa masusing pag-aaral at may layuning baguhin ang nakasanayang gawain sa pagkatuto. Bagkus, kailangang bigyang pansin ang mas nararapat na pangangailangan ng mga bata sa kasalukuyang panahon.

1. Ano ang pinagtatalunan ng magkatunggali?

   A. Kung nararapat ang "No Assignment Policy"?
   B. Kung papayagan ang "No Assignment Policy"?
   C. Kung ayon sa batas ang "No Assignment Policy"?
   D. Kung makatarungan ba ang "No Assignment Policy"?

2. Alin sa mga sumusunod ang kabilang sa dahilan nang hindi sang-ayon?

   A. Emosyonal at sosyal na dahilan
   B. Dumaan sa pag-aaral
   C. Bigyang daan ang nararapat na paraan
   D. Saksi dito ang lahat nang mga nagtapos at dumaan sa ganitong pamamaraan

3. Alin sa mga pahayag ang sang-ayon sa "No Assignment Policy"?

   A. Ito'y dumaan sa masusing pag-aaral at may layuning bigyan daan ang mas nararapat sa mga mag-aaral.
   B. Hindi sasapat ang walong oras bawat araw sa pagtuturo.
   C. Karapatan ng isang bata ang matuto at tumuklas ng sariling kaparaanan o kaisipang kritikal habang gumagawa ng takdang aralin.
   D. Hindi ito malinaw sa Child Protection Policy bilang bawal.

4. Anong pinagbatayan na polisiya ng hindi sang-ayon upang tumutol sa polisiya?
   A. Child Protection Policy
   B. Child Abuse Law
   C. Violence Against Women and Children
   D. No to Assignment Policy

5. Alin sa mga sumusunod ang isa pa sa pinagtatalunan ng magkatunggali?

   A. Oras sa pamilya
   B. Kriminalidad
   C. Opresiyon
   D. Gastos sa pag-aaral

**Pagsasanay B:**

**Panuto** Iguhit ang  kung ang pahayag ay isang katotohanan o  kung ito ay isang opinyon.

________1. Si Andres Bonifacio ang itinuturing na Ama ng Katipunan.
________2. Sina Ciriaco at Procopio ay mga kapatid ni Andres Bonifacio.
________3. Para sa akin, si Andres Bonifacio ang pinakamatapang na bayani ng ating bansa.
________4. Mababasa sa Aklat ng Kasaysayan na ipinagdiriwang ang Araw ni Bonificio tuwing ika-30 ng Nobyembre.
________5. Dapat tularan ng mga kabataan ang pagmamahal na ipinakita ni Andres Bonifacio sa ating bansa.

**Pagsasanay C:**

**Panuto:** Subukin mong sumulat ng isang argumento batay sa paksang nakasulat sa loob ng kahon.

| |
|---|
| Alin ang higit na kapaki-pakinabang, ang cellphone o ang telebisyon? |

Binabati kita. Natapos mo ang pagsubok. Alamin natin sa pahina ng Susi sa Pagwawasto ang tamang sagot.
Saang antas ka nabibilang?

| | | |
|---|---|---|
| 5 tamang sagot | - | NAPAKAHUSAY |
| 3-4 tamang sagot | - | MAGALING |
| 1-2 tamang sagot | - | PAGBUBUTIHIN PA |
| 0 tamang sagot | - | KAYA MO 'YAN |



## *Isaisip*

Isiping mabuti…

Sa bahaging ito dugtungan mo ng isang pahayag o paliwanag bakit ito ay mahalagang matutuhan.

1. Sa pagsasagot ng mga tanong sa binasa o pinakinggan editoryal, argumento, pahayag ng isang editorial cartoon ay mahalagang malaman ang ______________________________.

2. Nasusuri ang isang pahayag kung ito ay opinyon o katotohanan sa pamamagitan ng _________________________.

3. Dapat isaalang-alang ang mga hakbang sa pagsulat ng isang editoryal o argumento sapagkat__________________________.

## *Isagawa*

Upang lubos na mahasa ang iyong kaalaman, magbasa ng isang editoryal sa pahayagan. Pagkatapos, isalaysay mo ang mahahalagang detalye tungkol dito sa iyong mga magulang o kasama sa bahay. Suriing mabuti kung ang mga detalye ay nagpapahayag ng opinyon o katotohanan. Kunin mo na ang iyong papel, sumulat ng sariling editoryal tungkol sa nabasa.

Gamitin mo ang *rubrics* na nasa pahina 4 para sa kabuoang ayos ng iyong ginawa. Ipamarka ito sa iyong magulang o kapatid.



## *Tayahin*

Nahasa na ba ang iyong isipan sa pagsagot sa mga pagsasanay sa modyul na ito? Hanggang saan na kaya ang natutuhan mo?

**A. Panuto**: Basahing mabuti ang editoryal tungkol sa *COVID 19* at sagutin ang mga tanong. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

### Nakakatakot na *Virus*, Laganap sa Sanlibutan

Rodrigo G. Embestro

Nagulo ang *normal* na pamumuhay ng mga tao sa sanlibutan nang umusbong ang isang nakatatakot na sakit na maaaring kumitil sa buhay ninuman. Maaari itong bata, matanda, babae, lalaki, mayaman o mahirap. Wala itong pinipiling estado sa buhay. Kaya't naalarma nang husto ang mga tao at gumawa ng paraan ang gobyerno upang maiwasan ang pagdami nang maaapektuhan ng *virus* na ito na tinatawag na COVID-19.

Ang COVID-19 ay nabubuhay lamang sa isang tirahan o *host.* Sa mga pag-aaral, ito ay dating naninirahan sa mga hayop na paniki at pangolin. Ngunit ang tao'y lubhang naging mapanuklas at lubos na nakialam sa naturalisa ng kalikasan. Hinuhuli at pinapatay ang mga paniki at pangolin upang kanilang gawing alaga o kaya'y gawing pagkain. Kung kaya't ang *virus* na ito ay nawalan ng tirahan at ang naging epekto nito sa kanila ay ang humanap ng bagong matitirhan. Hindi nito nais na kumitil o maghasik ng lagim sa sangkatauhan. Ito'y epekto lamang ng ating kagagawan. Kung mayroon mang dapat sisihin dito ay walang iba kundi tao. Binibigyan tayo ng masakit na halimbawa ng COVID-

19 at paalala na tayo'y may limitasyon sa bawat gawain at maunawaan nating ang mundo ay hindi lamang para atin.

Ngayon tayo'y nahaharap sa matinding pagsubok. Isiping mabuti ang kaligtasan ng bawat isa kaysa sa pansariling kapakanan. Ang mga pagsubok na ito ay maging gabay at aral sa ating pamumuhay. Sana, masilayan muli ang liwanag na inaasam-asam ng sanlibutan.

1. Ano pinag-uusapan sa binasa?
   A. Halaman
   B. Kabuhayan
   C. COVID-19
   D. Kapaligiran

2.Sino ang tinutukoy sa editorial na dapat may limitasyon sa bawat gawain?
   A. pamahalaan
   B. paniki
   C. kalikasan
   D. tao

3. Paano ka makatutulong sa pagsugpo ng COVID-19?
   A. Manatili sa loob ng bahay at umiwas sa mga pagtitipon.
   B. Sisihin ang pamahalaan sa mga nangyayari.
   C. Mag-post sa Facebook ng mga nararanasan.
   D. Manghuli ng paniki at gawing pagkain.

**B.** Pag-aralan ang *editorial cartoon.*

4. Ano ang paksang ipinahihiwatig nito?
   - A. halalan
   - B. *rally*
   - C. gutom
   - D. kapangyarihan




5. Sino ang tinutukoy ng COMELEC na “Tama na!”?
   - A. mga makapangyarihan
   - B. dinastiyang politikal
   - C. mga mangangalakal
   - D. mga dayuhan

6. Sa iyong palagay, ano ang ipinahihiwatig ng *editorial cartoon* na ito?
   - A. Hayaan ng COMELEC ang lahat na bumoto.
   - B. Pigilan ang dinastiyang politikal.
   - C. May sapat na pundo ang COMELEC.
   - D. Bigyang ng kapangyarihan ang pulitiko.

**C. Panuto:** Tukuyin kung ang pahayag ay **opinyon** o **katotohanan.**

__________7. Matatagpuan ang Bulkang Mayon sa probinsiya ng Albay sa Bikol.

__________8. Sa aking palagay, maraming turista ang pumupunta rito tuwing bakasyon.

__________9. Tuwang-tuwa silang masilayan ang perpektong hugis nito.

__________10. Pinatutunayan na ang Bulkang Mayon ang pinakamagandang bulkan sa ating bansa.

**D. Panuto:** Sa tulong ng iyong magulang o kasama sa bahay humingi ng isang pahayag maging ito ay opinyon o katotohanan tungkol sa *editorial cartoon* sa ibaba. Pagkatapos, kunin ang iyong sagutang papel upang sumulat ng isang editoryal o argumento tungkol dito. Gamitin ang rubriks na nasa pahina 4 para sa kabuoang ayos ng iyong ginawa.




______________________________

__________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
____________________________________________________________.



Bilib na talaga ako sa iyo. Nasagutan mo lahat na pagsasanay. Iwasto mo ang iyong mga kasagutan sa pahina 23.


Ano ang naramdaman mo matapos malaman ang resulta ng iyong pagsisikap? Bilugan ang angkop ng mukha.

☹ ☺ 😐

## *Karagdagang Gawain*

Upang tuluyan kang maging bihasa, sanayin mo pa ang iyong sarili sa pagsagot sa mga tanong tungkol sa editorial cartoon sa ibaba.

**Panuto:** Pag-aralan ang isang *editorial cartoon* at sagutin ang mga tanong sa ibaba.




***"Sibol"*** *Ang opisyal na pahayagan ng Mataas na Paaralan ng Zeferino Arroyo., Hunyo - Octobre 2018.*

1. Ano ang paksa ng editorial cartoon?
2. Ano ang tuntunin na sinusunod upang mapangalagaan ang mga bata sa karahasan?
3. Naranasan mo na bang ma-bully? Kung oo, ano ang iyong ginawa?
4. Bilang, mag-aaral, paano ka makatutulong sa kapuwa mag-aaral upang makaiwas sa anumang karahasan?

Sa wakas ay narating mo ang dulo ng aralin. Ang saya-saya ko at napagtagumpayan mo ang mga pagsasanay at gawain.

***Ang husay mo, bata!***





# Susi sa Pagwawasto

**Balikan**

| | | |
|---|---|---|
| 1.magaling | magsulat | Pang-abay |
| 2. malinis | papel | Pang-uri |
| 3. maganda | gumihit | Pang-abay |

**Subukin A**

1. Opinyon
2. Katotohanan
3. A   4. C   5. A
C.Tingnan ang rubriks sa pagwawasto.

**Suriin**

1. A
2. C
3. E
4. B
5. D

**Karagdagang Gawain**
1. Pagpapahalaga sa kapakanan ng isang bata.
2.Child Proteksyon Policy
3.Sinabi sa guro ang nangyaring pambubully upang masabihan sila na mali at maipaliwanag ang maaaring mangyari kung patuloy silang pambubully sa iba.
4.Gagawa ako ng isang campaign tungkol sa Child Protection Policy upang malaman ang kahalagahan ng isang bata.
(tanggapin ang ibang sagot)

**Tuklasin**

1.Climate change
2. tao
3. Oo. (*Maaaring tanggapin pa ang ibang kasagutan)*
4-5 Iwawasto ng guro

**Isaisip**
1.magsimula sa pagsagot sa mga literal na katanungan at lubos na mauunawan ang teksto kong masasagot ang pagsusuri at paghihinuha upang maisalaysay mo nang wasto ang detalye na tekstong binasa.
2.may sapat na kaalaman kung ano ang ibig sabihin ng opinyon o katotohanan upang masuri ng tama ang isang pahayag.
3.makakabuo o makakasulat ng maayos at makahulugang editoryal o argumento.
(tanggapin ang iba pang sagot)

**Isagawa**
Gamitin ang rubriks sa pagwawasto na nasa pahina 4.

**Tayahin A**
**A**.1.C  2. D   3. A   **B**.4. A  5. B   6. B
**C**.7.katotohanan   8. opinyon
9. opinyon   10. katotohanan

**D**. Gamitin ang rubriks na nasa pahina 4 sa pagwawasto.

## Pagyamanin

A. 1. A   2. D   3. A   4. A   5. A
B. 1. ☺ 2. ☺   3. ♡   4. ☺   5. ♡
C. Iwawasto ng guro (Iwawasto gamit ang rubrics)

## ***Sanggunian:***


1. Lalunio, L. P. at Gil, Francisca G. (2010). *Hiyas ng Pagbasa 4* Binagong Edisyon. Quezon City: LG & M Corporations, pahina 30-36

2. Lalunio, L., Ril, F. and Villafuerte, P., (2010). *Hiyas Sa Pagbasa 5*. 1st ed. Quezon City: SD Publications Inc., p.173.

3. Taduran, Llagas, and Tuyay, (n.d.) Kontekstuwalisadong Banghay-Aralin sa Filipino, Baitang 4 (Kwarter 3) RO V pp. 170-175, 187-191

4. **"Sibol"** Ang opisyal na pahayagan ng Mataas na Paaralan ng Zeferino Arroyo., Hunyo - Octobre 2018.

5. Diego, J. (2012). *Opinyon O Katotohanan*. Hunyo 6, 2020, https://www.slideshare.net>.

6. Teacherguro. (2014). *Opinyon O Katutuhanan*. Hunyo 6, 2020, https://teacherguro.weebly.com.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph